# Linggo ng Pag-iwas sa Panloloko sa Medicare



## MGA AKSIYONG MAISASAGAWA NG LAHAT

### ANG LINGGO NG 6/5

**Mga Benepisyado**
Matutunan kung paano basahin ang iyong mga statement sa Medicare.

**Mga Tagapagbigay-alaga**
Turuan ang iyong sarili at ang iyong mga mahal sa buhay kung paano umiwas sa at tumukoy ng panloloko sa pangangalagang pangkalusugan.

**Mga Pamilya**
Sabihan ang mga mahal sa buhay na protektahan ang kanilang Medicare number.

**Mga Kaakibat at Propesyonal**
Ibahagi ang impormasyon ng SMP sa social media at imbitahang magsalita ang SMP.

**Mga Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan**
Kausapin ang mga pasyente tungkol sa mga scam na kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan.

**Komunidad**
Bantayan ang iyong mga nakakatandang kapitbahay.

## TUNGKOL SA SMP

Ang iyong lokal na Senior Medicare Patrol (SMP, Tagapagbantay sa Medicare ng Nakakatanda) ay handang magbigay sa iyo ng impormasyong kailangan mo upang PROTEKTAHAN ang iyong sarili laban sa panloloko, pagkakamali, at pang-aabuso sa Medicare, TUMUKOY ng posibleng panloloko, pagkakamali, at pang-aabuso; at IULAT ang iyong mga alalahanin.

SMP
Senior Medicare Patrol
Preventing Medicare Fraud

www.smpresource.org

SINUSUPORTAHAN NG GRANT #90MPRC0002 MULA SA ACL

1-877-808-2468

# Linggo ng Pag-iwas sa Panloloko sa Medicare



## MGA BENEPISYADO

Ang pinakamabisang paraan upang pigilan ang panloloko ay ang pag-iwas mismo rito.

Tandaan ang tatlong hakbang mula sa SMP: Umiwas, Tumukoy, Mag-ulat!

- **Umiwas:** Matutunan kung paano basahin ang iyong mga statement sa Medicare.
- **Tumukoy:** Kapag sinusuri ang iyong MSN o EOB, maghanap ng mga serbisyo, produkto, o kagamitang hindi mo natanggap, dobleng pagsingil, o mga gamit na hindi inorder ng iyong doktor.
- **Mag-ulat:** Tumawag o mag-email sa iyong lokal na SMP kung naniniwala kang nakaranas ka ng panloloko, pagkakamali, o pang-aabuso sa pangangalagang pangkalusugan.

SMP
Senior Medicare Patrol
Preventing Medicare Fraud

www.smpresource.org

SINUSUPORTAHAN NG GRANT #90MPRC0002 MULA SA ACL

1-877-808-2468

# Linggo ng Pag-iwas sa Panloloko sa Medicare



## MGA TAGAPAGBIGAY-ALAGA

Tumulong sa pamamagitan ng pagtuturo sa iyong sarili at sa iyong kliyente o mahal sa buhay kung paano umiwas sa at tumukoy ng panloloko, pagkakamali, at pang-aabuso sa pangangalagang pangkalusugan.

Maging mapagmatiyag sa mga gamit gaya ng durable medical equipment (tulad ng mga kahon ng knee braces) na nakakalat sa bahay na maaaring ipinadala sa benepisyado kahit na hindi niya aprubado o hindi aprubado ng kanyang doktor.

Ipaalala sa iyong kliyente o mahal sa buhay na huwag kailanman ibigay sa telepono ang kanyang Medicare number o iba pang personal na impormasyon.

SMP
Senior Medicare Patrol
Preventing Medicare Fraud

www.smpresource.org

SINUSUPORTAHAN NG GRANT #90MPRC0002 MULA SA ACL

1-877-808-2468

# Linggo ng Pag-iwas sa Panloloko sa Medicare



## MGA PAMILYA

Tumulong sa pamamagitan ng pagsasabi sa mga mahal sa buhay na protektahan ang kanilang Medicare number tulad ng ginagawa nila sa credit card number.

Hikayatin silang tingnan ang kanilang mga statement sa Medicare kung may naging panloloko, pagkakamali, o pang-aabuso at huwag kailanman ibigay sa telepono ang kanilang Medicare number sa kahit anong dahilan.

Tulungan ang iyong mga mahal sa buhay na gumawa ng Medicare.gov account upang i-access ang kanilang mga claim sa Medicare online o ipaalala sa kanilang buksan at suriin ang mga statement nila kapag dumating na ang mga ito sa koreo kada tatlong buwan.

SMP
Senior Medicare Patrol
Preventing Medicare Fraud



SINUSUPORTAHAN NG GRANT #90MPRC0002 MULA SA ACL

# Linggo ng Pag-iwas sa Panloloko sa Medicare



## MGA KAAKIBAT AT PROPESYONAL

Ipagdiwang ang Linggo ng Pag-iwas sa Panloloko sa Medicare sa pamamagitan ng pagbabahagi ng impormasyon ng SMP sa social media, pag-refer ng mga kliyente at consumer sa SMP, at pag-imbita sa SMP na magsalita sa isang kaganapan. Tumukoy ng mga paraan kung paano makikipagtulungan para sa mga paksa at impormasyong kaugnay ng misyon.

SMP
Senior Medicare Patrol
Preventing Medicare Fraud

www.smpresource.org

SINUSUPORTAHAN NG GRANT #90MPRC0002 MULA SA ACL

1-877-808-2468

# Linggo ng Pag-iwas sa Panloloko sa Medicare



## MGA PROVIDER NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Ipagdiwang ang Linggo ng Pag-iwas sa Panloloko sa Medicare sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga pasyente tungkol sa mga scam na kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan gaya ng mga may kinalaman sa scheme sa durable medical equipment at genetic testing.

Ipaalala sa mga pasyente na ang mga doktor lang kung kanino sila regular na nagpapatingin ang dapat mag-order ng mga produkto at serbisyo. Ang mga kailangang medikal na gamit ay hindi dapat iorder kailanman sa pamamagitan ng mga ad sa TV o ng hindi inasahang tawag sa telepono.

SMP
Senior Medicare Patrol
Preventing Medicare Fraud

www.smpresource.org

SINUSUPORTAHAN NG GRANT #90MPRC0002 MULA SA ACL

1-877-808-2468

# Linggo ng Pag-iwas sa Panloloko sa Medicare




## KOMUNIDAD

Ipagdiwang ang Linggo ng Pag-iwas sa Panloloko sa Medicare sa pamamagitan ng pagbabantay sa iyong mga nakakatandang kapitbahay. Kapag nasa pampublikong lugar, maging mapagmatiyag sa mga nakakatandang indibidwal na bumibili ng maraming gift card. Kung makarinig ka ng taong nagsasalita tungkol sa Medicare, huwag matakot na mag-alok ng impormasyon tungkol sa iyong lokal na SMP at SHIP.

Hikayatin ang mga kakilala mo na makipag-usap sa mapagkakatiwalaang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa kanilang mga tanong sa Medicare at ipaalam sa iyong mga kapitbahay ang mga pinakabagong scam sa Medicare. Pag-isipang magboluntaryo sa iyong lokal na SMP!

SMP
Senior Medicare Patrol
Preventing Medicare Fraud




SMP

Senior Medicare Patrol

Preventing Medicare Fraud

# Mag-ingat ang mga benepisyado ng Medicare!

## Tumatawag ang mga scammer at nagkukunwaring pinatawag sila ng inyong doktor.

- Maaari nilang dayain ang caller ID para magmukhang tumatawag sila mula sa tanggapan ng inyong doktor.
- Kung gusto ng inyong doktor na sumailalim kayo sa cardiac genetic testing, kakausapin nila kayo tungkol dito habang nasa isang appointment.
- Kung gusto ninyo ng brace sa tuhod, likod, braso, o iba pa, pakitawagan ang inyong pinagkakatiwalaang doktor para mag-set up ng appointment at mapag-usapan ninyo ang inyong mga pangangailangan.

Kung nakatanggap kayo ng ganitong tawag, iulat ito sa Tagapagbantay sa Medicare ng Nakakatanda (SMP). Sama-sama nating maiiwasan ang pandaraya sa Medicare.

---

**877-808-2468** **www.smpresource.org**

SINUSUPORTAHAN NG GRANT #90MPRC0002 MULA SA ACL

SMP

Senior Medicare Patrol

Preventing Medicare Fraud